Impormasyon sa Multilingguwal Hunyo 2026

**Tema: "Tungkol sa pagbisita sa mga institusyong medikal"** Tagalog



PARAAN kung nais pumunta sa ospital o klinika.
Una: Magpareserba gamit ang website o tumawag at pumili ng araw at oras na ayon sa iyong pang araw araw na pamumuhay piliin ang lugar na malapit sa iyong bahay o tirahan.
Pangalawa: Kung ikaw ay nakapag pareserba na kung maaari po lamang na huwag makalimot sa araw at oras na napili.
TANDAAN: Sa araw ng iyong reserbasyon kailangang kumuha ng numero at pumunta sa tanggapan o ipagbigay alam na ikaw ay dumating na at minsan kasabay dito ang pagbibigay na ng iyong My Number Health Insurance card o eligibility confirmation document may ospital o klinika na kahit ikaw ay nakareserba ay kailangan mo paring kumuha ng numero at maghihintay itong tawagin may roon namang ospital na i aayon ang pagtawag syo sa reserbeng oras. Para sa kasi guraduhan at iba pang katanungan maaaring tingnan ang website o tumawag.

Medical Information Net

Multicultural Counseling Center

Maghanap ng mga kalapit na ospital at parmasya sa website na "Medical Information Net.'' At kung pupunta ka ng gabi o o araw ng linggo o ito ay sarado maaari kang mag hanap ng ospital o klinika na gamit ang feature na "Quick Search'' sa "Medical Information Net''. KUNG mayroon kang sintomas na DELIKADO at MAPANGANIB ang BUHAY mangyaring Daliang i-dial ang 【119 】at tumawag ng AMBULANSYA maaari ka ring maghanap ng mga ospital na nagsasalita ng mga banyagang wika sa Medical Information Net. (Ang paghahanap ng salitang banyaga o maiintindihan mong salita ay makatutulong para magkaintindihan at para mapaliwanag mabuti NGUNIT kung Ito ay MAPANGANIB magmadaling tumawag IMPORTANTE na KABISADO mo ADDRESS ng BAHAY o TINITIRHAN.

Ang website ng Nagano Prefecture Multicultural Consultation Center ay may mga "questionnaires" sa English, Chinese, Thai, atbp. Ang medical questionnaire ay naglalaman ng mga tanong na itatanong ng isang doktor sa isang taong may sakit o nasugatan. Mangyaring sumangguni dito kapag tumatanggap ng medikal na paggamot. Kapag ikaw nasa loob na at kausap ang doktor, tatala-kayin ang iyong mga sintomas nang detalyado at tatanggap ng paggamot na naaayon sa iyong kinunsulta.

Kapag tapos na ang pag - susuri:
1. Babalik ka sa upuan at maghihintay ka muling tawagin ang iyong pangalan o numerong kinuha. (may hospital o klinika na hindi tinatawag ang pangala para sa sa iyo/o sa kumun-sulta kaya dapat tandaan ang numero huwag itapon dahil ito ay iyong ibabalik o kakailanganin sa muling pagtawag sa iyo.
2. Sa muling pagtawag ng iyong pangalan ay ipapaliwa - nag at sasabihin ang presyo ng babayaran at kasabay dito ang pagbibigay ng reseta ng gamot.



TINGNANG MABUTI: Ang RESIBOng papel at ang RESIBOng para sa GAMOT ito ay may pagkakaiba at pakinggan mabuti ang paliwanag.
3. Sa PAGBABAYAD pwedeng cash o credit card.
PAALALA: Ibigay ang RESETA ng GAMOT kasama ang iyong My Number Health Insurance card o eligibility confirmation document at me-dicine notebook(kung ikaw ay mayron.) Sa pagtanggap ng GAMOT may paliwag dito pakinggang mabuti at siguraduhing naintindihan ang paraan ng pag-inom ng gamot at kung hindi ay maaaring itanong muli dahil ito ay (importante at delikado ang hindi pagsunod o maling paginom o paggamit.)
PARMASYA: kalimitan ngayon ay nasa katabing gusali ng ospital at klinika ang parmasya at minsan may lugar na nasa loob ito mismo ng ospital o klinika.

